BOARD OF SUPERVISORS, COUNTY OF LAKE, STATE OF CALIFORNIA

# *PROCLAMATION*

## RECOGNIZING OCTOBER 2025 AS FILIPINO AMERICAN HISTORY MONTH IN LAKE COUNTY

**WHEREAS**, ang pagdiriwang ng Filipino American History Month noong Oktubre ay ginugunita ang unang naitalang presensya ng mga Pilipino sa kontinental ng Estados Unidos, na naganap noong Oktubre 18, 1587, nung dumating ang "Luzones Indios" mula sa Spanish galleon na Nuestra Senora de Esperanza at dumaong sa Morro Bay, California; at

**WHEREAS**, noong 2009, kinilala ng Kongreso ng Estados Unidos ang Oktubre bilang Filipino American History Month sa Estados Unidos. Ang iba't ibang lugar at lungsod sa Estados Unidos ay nagtatag ng mga proklamasyon at resolusyon na nagdedeklara ng pagdiriwang ng Filipino American History Month; at

**WHEREAS**, si Dr. Fred Cordova, kasama ang kanyang asawa, si Dr. Dorothy Laigo Cordova, ng Filipino American National Historical Society (FANHS), ay unang ipinakilala ang Oktubre bilang Filipino American History Month noong 1992 na may resolusyon mula sa FANHS National Board of Trustees, at nagmarka ng 2025 bilang ika-tatlong pu't tatlong anibersaryo ng pagdiriwang ng Filipino American History Month sa buong bansa; at

**WHEREAS**, noong dekada ng 1930, malaki ang naiambag ng mga Pilipinong imigrante sa kasaysayan ng Lake County, California, at Estados Unidos, lalo na bilang mga manggagawang para suportahan ang industriya ng agrikultura, bilang mga medikal na propesyonal para sa kalusugan, bilang mga nagtatrabaho sa militar, at sa mga tumira sa Estados Unidos at Lake County para sa taong-bayan; at

**WHEREAS**, ginawa ng mga Pilipinong Amerikano ang Lake County bilang kanilang lugar upang manirahan at magtrabaho, na nagpapatuloy at lubos na nag-aambag sa kultura at ekonomiya para sa pamayanan ng Lake County; at ipinagmamalaki ng Lake County ang nagtatrabaho, na kinabibilangan ng mga mahuhusay na nagtatrabahong Pilipinong Amerikano sa pamumunong posisyon; at

**WHEREAS**, gugunitain ng County of Lake ang Filipino American History Month tuwing Oktubre, upang parangalan at ibahagi ang mayamang sining, kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng Filipino American.; at

**NGAYON, KAYA IPINAHAYAG**, na idineklara ng Lake County Board of Supervisors ang buwan ng Oktubre 2025 bilang "FILIPINO AMERICAN HISTORY MONTH" sa Lake County at hinihikayat ang taong-bayan na makisali sa pagdiriwang itong buwan.

PASSED AND ADOPTED this 28th day of October 2025.

ATTEST: SUSAN PARKER
Clerk to the Board

By: ____________________

COUNTY OF LAKE

____________________
Chair Board of Supervisors